Paghahanda para sa NDIS sa Lugar ng North East Melbourne

Ang National Disability Insurance Scheme (NDIS, o Pamamaraan sa Pambansang Seguro para sa May Kapansanan) ay ilalatag sa Lugar ng North East Melbourne mula 1 Hulyo 2016.

Ano ang NDIS?

Ang NDIS ay isang bagong paraan sa pagbibigay ng suporta sa may kapansanan at isinasakatuparan ito ng National Disability Insurance Agency (NDIA, o Ahensiya sa Pambansang Seguro para sa May Kapansanan).

Ang NDIS ay ipinakikilala sa mga yugto, dahil ito ay isang malaking pagbabago at mahalaga na tama ang pagsasagawa nito at ito ay mapapanatili.

Ang mga detalye kung paano papasok ang mga tao sa NDIS ay inaayos sa pagitan ng Mga Pamahalaan ng Commonwealth at Victoria.

Hanggang sa ngayon, sinubukan na ang NDIS sa iilang pook sa buong bansa. Noong 1 Hulyo 2013, sinimulan ang pagsubok ng NDIS sa Victoria.

Paano gumagana ang NDIS?

Ang paraang ginagamit ng NDIS upang magtrabaho kasama ng mga kalahok, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga ay may-pleksibilidad at panghabambuhay, upang makabuo ng mga pang-indibidwal na plano. Nagbibigay ang NDIS sa mga kalahok ng mas maraming pagpipilian at kontrol sa kung paano, kailan at saan ibibigay ang mga suportang para sa kanila.

Nagbibigay rin ito ng katiyakan na matatanggap nila ang suporta na kinakailangan nila sa habambuhay nila.

Nagtatrabaho ang NDIS upang makonekta ang mga kalahok sa mga pangkomunidad at mainstream na suporta. Nagpopondo ang NDIS ng karagdagang makatwiran at kinakailangang mga suporta upang tulungan ang mga kalahok na magpursige patungo sa kanilang mga hangarin at ninanais, at lumahok sa pang-araw-araw na buhay.

Ang pagtulong sa mga tao upang buuin ang kanilang paglahok sa lipunan at ekonomiya ay nag-aatas sa NDIS na makipagtrabaho nang masinsinan sa mga organisasyon sa komunidad upang matukoy ang mga oportunidad para sa mga taong may kapansanan.

Sa Victoria, may maraming mahusay na itinatag na organisasyon sa komunidad na magiging mahalaga sa pagtulong sa mga taong may kapansanan na maghanda para sa NDIS.

Gaganap rin sila ng mahalagang papel sa pagtulong sa mga taong may kapansanan upang makamit ang kanilang mga hangarin.

Paano gagana ang paglalatag?

Ang mga taong kasalukuyang tumatanggap ng mga suporta sa pamamagitan ng Pamahalaan ng Victoria o Commonwealth ay lilipat sa NDIS sa iba't ibang panahon depende sa uri ng suporta na tinatanggap nila at kung saan sila nakatira.

Makukuha ang NDIS sa Lugar ng North East Melbourne mula 1 Hulyo 2016. Sinasaklaw ng Lugar ng North East Melbourne ang mga lugar ng lokal na pamahalaan ng:

- Banyule
- Darebin
- Nillumbik
- Whittlesea
- Yarra

Paano papasok ang mga tao sa NDIS?

Bago magtransisyon ang iyong lugar, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng suporta mula sa Pamahalaan ng Victoria, ibibigay ang mga detalye sa pagkontak sa iyo sa NDIA. Ang unang hakbang ay ang tawag sa telepono mula sa NDIA upang talakayin ang proseso sa pagpasok sa NDIS.

Sa Lugar ng North East Melbourne, ang aming National Access Team (Pangkat sa Pagpasok para sa Buong Bansa) ay tatawag sa mga umiiiral na kliyente ng Pamahalaan ng Victoria at Commonwealth sa mga darating na buwan. Gagawin ang mga pagsasa-ayos para sa mga taong may karagdagang pangangailangan para sa komunikasyon.

Sa panahon ng tawag sa telepono na ito, kukumpirmahin namin ang iyong mga detalye at ang proseso sa iyong pagpasok sa NDIS.

Kapag napagpasyahan na ang iyong pagpasok sa NDIS, dapat kang dumalo sa isang sesyon ng impormasyon tungkol sa NDIS. Ang mga detalye sa sesyon ng impormasyon ay ia-anunsiyo sa aming website sa **ndis.gov.au/vic**.

Ano ang hitsura ng proseso sa pagplano ng NDIS?

May ilang yugto sa iyong landas ng NDIS, mula sa pag-unawa at pagpasok sa NDIS, at sa pagbuo at pagsakatuparan ng iyong unang plano.

Sa panahon ng unang taon ng iyong plano ng NDIS, mahalaga na subaybayan kung paano gumagana ang plano para sa iyo. Gagamitin ang impormasyong ito upang likhain ang iyong susunod na plano kapag nirerepaso ang iyong plano.

Iba't iba ang mga pangangailangan at hangarin ng bawat isa sa atin. Ito ang dahilan kung bakit nagbibigay sa iyo ang NDIS ng pleksibilidad upang pamahalaan ang iyong mga indibidwal na pangangailangan para sa suporta.

Sino ang makakasali sa NDIS?

Upang makasali sa NDIS sa Victoria, kailangan ng tao na:

- tumira sa isang lugar kung saan mayroong NDIS;
- tumutugon sa mga hinihingi sa edad at pagkamamamayan (citizenship); at
- tumutugon sa mga hinihingi sa kapansanan o maagang interbensiyon.

Ang ilang mga programa ng Pamahalaan ng Victoria para sa mga taong may kapansanan ay may mga hinihingi para makapasok kagaya ng NDIS. Ang mga taong nasa mga itinakdang programang ito na tinukoy ng Pamahalaan ng Victoria ay ipagpapalagay na tumugon sa mga hinihingi para ituring na may kapansanan upang makapasok sa NDIS. Kailangan pa ring tugunan ang mga hinihingi sa edad at pagkamamamayan.

Ano ang magagawa ko upang makapaghanda?

Magsimulang mag-isip tungkol sa iyong buhay, iyong hinaharap at kung ano ang gusto mong makamit. Tutulong ito sa iyo upang makapaghanda para sa paggawa ng iyong unang plano ng NDIS. Maaari ka ring makipag-usap sa mga organisasyon kung saan kasalukuyan kang tumatanggap ng suporta at dumalo sa isang sesyon ng impormasyon tungkol sa NDIS sa iyong lugar.

Ang impormasyon at mga rekurso na tutulong sa iyo ay makukuha mula sa **ndis.gov.au/vic**.

Karagdagang impormasyon

1800 800 110*	8am hanggang 5pm (AEST) Lunes hanggang Biyernes
TTY 1800 555 677	Para sa mga taong hindi nakakarinig o nakakasalita
1800 555 727	Magsalita at makinig
TIS 131 450	Para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa wikang Ingles
Sundan kami sa Twitter @NDIS	Hanapin kami sa Facebook facebook.com/NDISAUS

*Libre ang mga 1800 na tawag mula sa mga landline. Ang mga tawag mula sa cellphone ay sisingilan ng bayad.